
# PROJECT EASE

**( Effective and Affordable Secondary Education )**

# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA I



**MODYUL BILANG 9**

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
DEPARTMENT OF EDUCATION
DepED Complex, Meralco Avenue
Pasig City

# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA I
# Yunit II
# Modyul Blg. 9

# Bulong ng Konsensiya

## I. Ano ang Inaasahang Matutuhan Mo?

May mga bagay na madaling pagpasyahan. Ngunit dahil sa bilis ng daloy ng buhay at nagtutunggaling impluwensiya ng kapaligiran, lubhang nakalilito ang pagpili sa tamang aksiyon.

Sa ganitong kalagayan, ano ang batayan ng iyong aksiyon? Paano mo malalaman na ang pinili mo ay *tama* at iniwasan mo ang *mali?*

Sa modyul na ito, pag-aaralan mo ang kalikasan ng konsensya. Susuriin mo kung paano mo huhubugin ang iyong konsensya upang gumawa ka ng tama at umiwas sa mali.

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang natutuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

A. Nakikilala ang kalikasan ng konsensiya
B. Nakapagpapasya ng angkop na aksiyon sa isang sitwasyon
C. Nakikilala ang sinasabi ng konsensiya kung maharap sa ilang sitwasyon
D. Natutukoy ang iba't ibang paraan ng paghubog ng isang malinis na konsensiya

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga I kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.

4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno ng Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

I. Isulat ang S kung sumasang-ayon ka sa pahayag at DS kung hindi ka sumasang-ayon.

1. Iisa lamang ang uri ng konsensiya.
2. Kung inaakalang mali ang dikta ng konsensiya, maaaring humingi ng tulong sa iba.
3. Maaaring ipagpaliban ang pagpapasya, kung inaakalang mali ang dikta ng konsensiya.
4. Ang paggawa ng mabuti ay nakaugat sa dignidad ng tao.
5. Kung malinis ang konsensiya, maayos ang pagkatao.
6. Ang paghubog ng konsensiya ay imposible.
7. Ang konsensiya ay batayan ng kaisipan sa paghusga ng tama o mali.
8. Lahat ng sinasabi at ginagawa ng iba ay maaaring gayahin upang maging tama ang dikta ng konsensiya.
9. Ang mabuting konsensiya ay lumilinang ng mahusay na pagkatao.
10. Kung ginagawa ng marami ang mali, (halimbawa: halos lahat ng iyong kamag-aral ay nangongopya ng takdang aralin) maaari na ring itong ituring na tama kaya nararapat gayahin.

II. Basahing mabuti ang sitwasyon. Piliin ang titik na may tamang sagot.

1. Nakita ni Martha ang kanyang panyo na nasa bag ni Lorna. Inisip niyang kinuha ito ni Lorna kaya kinuha niya ito at hindi ipinaalam kahit kanino. Dahil sa maling hinala, ang pasya ni Martha ay bata sa konsenyang:
   a. tiyak
   b. di-tiyak
   c. tama
   d. mali

2. Nakita ni Aling Julia ang kanyang anak apat na taong si Digna na kumakain ng kendi. Tinanong niya kung saan niya ito kinuha. Umiling at ayaw sumagot ng bata. Sinabi ng ina na masama ang nagsisinungaling dahil kahit walang nakakakita sa iyo sa pagkuha ng bagay na hindi iyo ay mayroong Diyos na nakatingin sa iyo. Matututuhan ni Digna ang konsesya ay dapat na:

   a. tiyak
   b. di-tiyak
   c. tama
   d. mali

3. Limang taon lamang si Jose. Minsan galing sa kapitbahay, may dala siyang laruan. Tinanong ng kanyang kuya kung may nakakita nang kunin niya ito. Wala daw kaya itinago ito ng kanyang kuya. Ang konsensyang maaaring mahubog ni Jose ay:

   a. tiyak
   b. di-tiyak
   c. tama
   d. mali

4. Kasalukuyang kumukuha ng pagsusulit ang klase nina Romy. Biglang tinawag ang kanilang guro sa opisina ng punong-guro. Sinabi ng katabi niyang si Eric na maaari na nilang buksan ang kanilang aklat. Ang kanyang mga kaklase ay gumaya kay Eric. Si Romy ay hindi nagbukas ng aklat. Ang pasya ni Romy ay batay sa kanyang konsensya na:

   a. tiyak
   b. di-tiyak
   c. tama
   d. mali

5. Kung ikaw ay naguguluhan sa pagpapasya at nagkakaroon ng alinlangan sa bulong ng iyong konsensya, ang sumusunod ay maaari mong gawin liban sa isa.

   a. Hintaying bumulong muli ang konsensya.
   b. Lumapit sa taong iyong mapagkakatiwalaan.
   c. Ipagpaliban muna ang napiling pasya.
   d. Isipin ang magiging kalalabasan ng pasya.


Marahil ay nagkaroon ka na nang ideya kung ano ang paksa ng aralin. Kung ganoon ay gawin mo na ang sumusunod na gawain.

## III. Tuklasin Mo


### Gawain Blg. I

Basahin ang kuwento sa ibaba tungkol sa magkapatid na lalaki, sina Danny at Pepe. Lagyan mo ito ng wakas sa pamamagitan ng pagguhit sa kahon at pagsulat sa ibaba nito ng dapat na mangyari upang wakasan ang kuwento.

Magkapatid sina Danny at Pepe. Gustung-gusto nilang maglaro sa loob ng bahay. Isang araw, isang aksidente ang nangyari. Naglalaro sila ng bola at ito ay tumama sa paboritong pigurin ng kanilang nanay.



"Naku po! Siguradong magagalit ang nanay kapag nalaman niya ito." Sabi ni Pepe. Nag-isip si Danny at sumagot. "Siguro sabihin na lang natin si Neneng ang nakabasag nito."



Mula sa VBS , Year 4 Children, Day 2 Leaflet B

## Sagutin Mo

1. Naibigan mo ba ang wakas ng kuwento na ginawa mo? Bakit?
2. Ano ang iyong naging batayan sa ginawa mong wakas ng kuwento?
3. Ito ba'y nangyari na sa iyo o nakita mong ginawa ng iba? Ipaliwanag.
4. Sa iyong palagay, tama ba ang wakas ng kuwento? Bakit?

## Gawain Blg. 2

Punan ang Kolum 3 ng nararapat na sagot sa bawat hindi mabuting aksiyon sa Kolum 1. Pagkatapos, punan din ang Kolum 4 ang pagkakaiba ng hindi nararapat na sagot at nararapat na sagot.

| Hindi Mabuting Aksiyon | Hindi Nararapat na Sagot o Maling Tugon | Nararapat na Sagot o Tugon | Pagkakaiba ng Dalawang Sagot o Tugon |
|---|---|---|---|
| Pangangatwiran at pagsagot sa magulang kapag napapagalitan | Pasensiya na po dahil hindi ko po sinasadya. | Pasensiya na po sa pagwawalang-bahala ko po sa mga sinasabi ninyo. Alam ko pong ito ay para sa aking kapakanan. | Pagpapamalas na ang magulang ay nararapat na igalang at ang basta pangangatwiran nang walang paliwanag at malasakit ay maaaring magdulot ng di pagkakaunawaan. |
| Hindi pagpapaalam at pag-uwi ng gabi | Pasensya na po dahil hindi ako nakapagpaalam. Hindi na po mauulit. | | |
| Pagkukuwento ng malaswa | Sorry, hindi ka pala sanay sa ganitong kuwento. | | |
| Pagsasabi ng lihim ng iba | Sorry, hindi ko napigil ang aking sarili. | | |
| Pangongopya sa pagsusulit | Sorry po dahil nahuli ninyo po akong nangongopya. | | |
| Nagrereklamo at pag-ayaw sa mga “family reunion” o pampamilyang gawain | Pasensiya po at hindi ko “type” ang family reunion. | | |
| Pinagtatawanan ang kapwa kamag-aral dahil sa kanyang itsura | Pasensya na, katuwaan lang. | | |

## Sagutin Mo

1. Nahirapan ka ba sa naging gawain? Bakit?
2. Madali ba na ikumpara ang nararapat o hindi nararapat na sagot o tugon sa bawat sitwasyon? Bakit?
3. Bakit mahalagang isaalang-alang ang dignidad ng kapwa at sarili sa bawat sitwasyon?
4. Ano ang kahalagahan ng dignidad ng tao para sa iyo?

## Gawain Blg. 3

Kapag ikaw ay nakagagawa ng kasinungalingan o nagsasabi ng hindi maganda sa iyong kapwa, ano ang sinasabi ng iyong konsensya? Isulat sa patlang ang tatlong maaaring sabihin ng iyong konsensya kung ikaw ay nagsisinungaling.

| | |
|---|---|
| Naiwan ng iyong nanay ang kanyang wallet sa ibabaw ng mesa. Kinuha mo ito dahil gusto mong bilhin ang blouse na nakita mo sa mall. Hinanap ng iyong nanay ang kanyang wallet at sinasabing hindi mo nakita. | ______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________ |
| Humingi ka ng pambayad para sa educational trip sa paaralan ninyo. Upang makabili ka pa ng mas maraming baon, dinagdagan mo ang halagang dapat mong bayaran. Binura mo ang halagang P350 at ginawa mo itong P450.<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________ | Napakahaba ng pila sa sakayan ng jeep. Nakita mo ang iyong kaklaseng malapit ng sumakay. Lumapit ka dito at nagkunwaring nakapila ka na ng matagal sa pagsasabing, “Hoy, wala palang tindang mais diyan, mabuti naman at malapit na tayong sumakay”, sabay kindat sa iyong kaklase.<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________ |

**Sagutin Mo**

1. Madali ba ang magsinungaling? Bakit?
2. Sa isinulat mong maaaring sabihin ng iyong konsensiya, sa iyong palagay, tama ba ang mga ito? Patunayan.
3. Kung tama ang sinasabi ng iyong konsensiya, bakit hindi kailangang magsinungaling ng nasa tatlong sitwasyon?

## IV. Ano Ang Iyong Natuklasan?

1. Mula sa unang gawain, ano ang natuklasan mong karaniwang ginagawa ng tao upang makaiwas sa kasalanan o pagkakamaling nagawa?
2. Sa ikalawang gawain, bakit nakakasagot ang tao ng mali kung siya ay nakagagawa ng mali o masama?
3. Sa ikatlong gawain, paano mahuhubog ang konsensya ng tao na gumawa ng mabuti? Paano mapaninindigang gawin ang tamang dikta ng konsensya?

## V. Pagpapatibay

Ang konsensya ay ang batayan ng kaisipan sa paghuhusga ng tama o mali. Ang konsensya ang naghuhusga kung ang isang bagay ay masama o mabuti. Ito ang pinakamalapit na pamantayan ng moralidad. Sinusuri niya ang aksyon o kilos kung tama o mali.

Ang salitang konsensiya ay galing sa salitang Latin na “conscientia” na ang ibig sabihin ay paglilitis sa sariling paratang at pagtatanggol. Ito ay praktikal na paghuhusga ng isipan na magdedesisyon na gawin ang mabuti at iwasan ang masama. Pangunahing tungkulin nito na malaman ang tamang gagawin sa bawat sitwasyon. Kayat nararapat maging malinaw sa konsensya ng tao kung ano ang tama at mali.

Ang konsensya ay nahuhubog sa pamilya, paaralan, simbahan at iba pang sektor ng lipunan upang maging matatag sa paggawa ng kabutihan. Hindi pareho ang dikta ng konsensya sa bawat tao dahil iba’t iba ang karanasan, kinalakihan, kultura at kapaligiran ang tao.

Narito ang iba’t ibang uri ng konsensya:

1. Tamang konsensiya – ibinabatay ang paghuhusga sa tamang pamantayan ng pag-uugali at moralidad.

2. Maling konsensiya – ibinabatay ang paghuhusga sa mga maling batayan tulad ng kung ano na lamang ang nakikita sa iba o nararamdaman. Hindi dahilan na ginagawa ng nakararami ay tama na kahit ito ay lihis o taliwas sa kagandahang asal.
3. Tiyak na konsensiya – pagkilos o paghusga nang walang alinlangan dahil alam mong nasa tama ang iyong katwiran.
4. Di-tiyak na konsensiya – pagkilos o paghusga na may pangamba na maaaring kabaligtaran ang pasya.

Ang dignidad ng tao ay nasasalamin sa pagpapahalaga niya sa kalinisan ng kanyang konsensya. Ang pagpapahalaga niyang ito ay daan para sa isang mahusay na personalidad at pagkatao sapagkat walang alinlangan na kabutihan ang gagawin ng isang tao at para sa kanyang sarili, sa kapwa at sa Diyos. Sinasabi ngang sa bawat puso ng tao ay iniukit ang batas ng Diyos na nararapat sundin sapagkat ito ang magpapataas ng kanyang dignidad bilang kawangis ng Diyos.

Sa panahon ng pagdududa , pangamba o pagkakamali ng pasya o husga, lapitan ang magulang, guro, o kapatid upang mabigyan ng gabay. Kung naguguluhan sa pasya ay maaaring ipagpaliban muna at hintayin ang tamang panahon upang isagawa ang pasya o husga.

Twila G. Punsalan, *Buhay*

## VI. Pagnilayan At Isabuhay Mo

Ako ay taong may dignidad at malinis na konsensya kaya ako ay mahalagang nilalang. Narito ako upang magpasya ng mabuti batay sa dikta ang malinis na konsensya at patunayang karapat-dapat akong nilikha at kawangis ng Diyos.

**PAGHUBOG NG AKING KONSENSYA!**

Ang konsensya ay _________________

Ang aking dignidad at pagkatao ay nasasalamin sa aking pagpapahalaga sa aking konsesya kayat sisikapin kong_____________________________

Higit sa lahat mahuhubog ko ang malinis na konsensya sa pamamagitan ng sumusunod:

- 
- 
- 

## VII. Gaano Ka Natuto?

A. Hanapin sa Hanay B ang tamang sagot sa Hanay A. Titik lamang ang isulat.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Praktikal na paghusga ng isipan | A. Katapatan |
| 2. Pagpapahalagang nalinang sa pagsasabi ng katotohanan | B. Tamang Konsensiya |
| | C. Conscientia |
| 3. Paghuhusga ayon sa pamantayang moral | D. Malinis na konsensiya |
| 4. paghuhusga na may pangamba | E. Ipagpaliban ang pasya |
| 5. Paglilitis sa sariling paratang at pagtatanggol | F. Dignidad |
| 6. Paghuhusga batay sa maling prinsipyo | G. Tiyak na konsensiya |
| 7. Lumilinang ng katauhan at dignidad | H. Maling konsensiya |
| 8. Paghuhusga ng walang alinlangan | I. Di-tiyak na konsensiya |
| 9. Angkop na aksiyon kung naguguluhan sa pagpapasya | J. Konsensiya |
| 10. Nasasalamin sa pagpapahalaga sa kalinisan Ng konsensiya | |

B. Isulat ang S kung sumasang-ayon sa pahayag at DS kung hindi ka sumasang-ayon.

1. Iisa lamang ang uri ng konsensiya.
2. Kung inaakalang mali ang dikta ng konsensiya, maaaring humingi ng tulong sa iba.
3. Maaaring ipagpaliban ang pagpapasya, kung inaakalang mali ang dikta ng konsensiya.
4. Ang paggawa ng mabuti ay nakaugat sa dignidad ng tao.
5. Kung malinis ang konsensiya, maayos ang pagkatao.
6. Ang paghubog ng konsensiya ay imposible.
7. Ang konsensiya ay batayan ng kaisipan sa paghusga ng tama o mali.
8. Lahat ng sinasabi at ginagawa ng iba ay maaaring gayahin upang maging tama ang dikta ng konsensiya.
9. Ang mabuting konsensiya ay lumilinang ng mahusay na pagkatao.
10. Kung ginagawa ng marami ang mali, (halimbawa: halos lahat ng iyong kamag-aral ay nangongopya ng takdang aralin) maaari na ring itong ituring na tama kaya nararapat gayahin.

C. Basahing mabuti ang sitwasyon. Piliin ang titik na may tamang sagot.

1. Nakita ni Martha ang kanyang panyo na nasa bag ni Lorna. Inisip niyang kinuha ito ni Lorna kaya kinuha niya ito at hindi ipinaalam kahit kanino. Dahil sa maling hinala, ang pasya ni Martha ay bata sa konsenyang:

a. tiyak
b. di-tiyak
c. tama
d. mali

2. Nakita ni Aling Julia ang kanyang anak apat na taong si Digna na kumakain ng kendi. Tinanong niya kung saan niya ito kinuha. Umiling at ayaw sumagot ng bata. Sinabi ng ina na masama ang nagsisinungaling dahil kahit walang nakakakita sa iyo sa pagkuha ng bagay na hindi iyo ay mayroong Diyos na nakatingin sa iyo. Matututuhan ni Digna ang konsesya ay dapat na:
   a. tiyak
   b. di-tiyak
   c. tama
   d. mali

3. Limang taon lamang si Jose. Minsan galing sa kapitbahay, may dala siyang laruan. Tinanong ng kanyang kuya kung may nakakita nang kunin niya ito. Wala daw kaya itinago ito ng kanyang kuya. Ang konsensyang maaaring mahubog ni Jose ay:
   a. tiyak
   b. di-tiyak
   c. tama
   d. mali

4. Kasalukuyang kumukuha ng pagsusulit ang klase nina Romy. Biglang tinawag ang kanilang guro sa opisina ng punong-guro. Sinabi ng katabi niyang si Eric na maaari na nilang buksan ang kanilang aklat. Ang kanyang mga kaklase ay gumaya kay Eric. Si Romy ay hindi nagbukas ng aklat. Ang pasya ni Romy ay batay sa kanyang konsensya na:
   a. tiyak
   b. di-tiyak
   c. tama
   d. mali

5. Kung ikaw ay naguguluhan sa pagpapasya at nagkakaroon ng alinlangan sa bulong ng iyong konsensya, ang sumusunod ay maaari mong gawin liban sa isa.
   a. Hintaying bumulong muli ang konsensya.
   b. Lumapit sa taong iyong mapagkakatiwalaan.
   c. Ipagpaliban muna ang napiling pasya.
   d. Isipin ang magiging kalalabasan ng pasya.

## Susi sa Pagwawasto

Handa Ka Na Ba?

| | |
|---|---|
| 1. DS | 6. DS |
| 2. S | 7. S |
| 3. S | 8. DS |
| 4. S | 9. S |
| 5. S | 10. DS |

Gaano Ka Natuto?

A.

| | |
|---|---|
| 1. J | 6. H |
| 2. A | 7. D |
| 3. B | 8. G |
| 4. I | 9. E |
| 5. C | 10. F |

B.

| | |
|---|---|
| 1. DS | 6. DS |
| 2. S | 7. S |
| 3. S | 8. DS |
| 4. S | 9. S |
| 5. S | 10. DS |

# VIII. Mga Sanggunian

Bacungan, Cleofe M., Agnes B. Vea, et. at., 1996. *Values Education*. Quezon City: Katha Publishing Co., Inc.

Esteban, Esther J. 1990. Education in Values: Manila: Sinagtala Publishers, Inc.